Mga Tuntuning Partikular sa Produkto sa Business

Na-publish noong Oktubre 7, 2024. May bisa simula Oktubre 7, 2024. Pamalit sa lahat ng naunang bersyon.

Ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ay sumasaklaw sa iyo kung isa kang Negosyo, tulad ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin. Ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ay isinasama sa pamamagitan ng pagbanggit sa Mga Pangkalahatang Tuntunin sa Paggamit ng Adobe (**"Mga Pangkalahatang Tuntunin"**) na makikita sa www.adobe.com/go/terms_ph. May iba pang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na binabanggit sa Mga Pangkalahatang Tuntunin na maaari ding sumaklaw sa iyong paggamit ng Mga Serbisyo at Software. Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin.

1. Mga Kahulugan.

1.1 Ang "**Admin**" ay isang administrator na namamahala sa Mga Serbisyo at Software para sa Mga Business User sa loob ng iyong Negosyo.

1.2 Ang ibig sabihin ng "**Admin Console**" ay ang user interface ng pangangasiwa ng program na nagbibigay-daan sa mga Admin na pamahalaan ang Mga Serbisyo at Software ng kanilang Negosyo.

2. Ang Admin at ang Admin Console.

2.1 Pinamamahalaan ng Admin ang Mga Entitlement para sa mga Business User. Ang indibidwal na tumatanggap ng Mga Tuntunin sa ngalan mo ay itatalaga bilang unang Admin. Maaaring italaga ng isang Admin ang iba pang Mga Business User bilang Admin kung kailangan. Dapat magtalaga ng kahit isang Admin para mapamahalaan ang iyong Admin Console. Pinapahintulutan mo ang sinumang Admin na kumilos sa ngalan mo, at ikaw ang may pananagutan para sa kanilang mga aksiyon at pagkukulang.

2.2 May mahahalagang karapatan at kontrol ang mga admin sa iyong Mga Entitlement at sa Content at Business Profile ng Mga Business User mo. Sa Admin Console, ang bawat Admin ay maaaring mamahala ng Mga Entitlement, magdagdag at mag-alis ng Mga Business User, mag-access ng Mga Profile ng Mga Business User, at tumingin ng impormasyon ng account ng Business User. Maaaring ibigay ng Adobe ang personal na impormasyon ng mga Admin sa iyong Mga Business User.

2.3 Ang sinumang Business User na ipapasok ng isang Admin sa Admin Console ay maaaring makatanggap ng Software at Mga Serbisyo, kahit na walang subscription o lisensyang itinatalaga sa kanila ng Admin. Ang Admin Console ay itinuturing na bahagi ng Mga Serbisyo, at mga Admin lang ang may access sa Admin Console.

3. Mga Business User. Dapat mong tiyaking sumusunod ang iyong Mga Business User sa Mga Tuntuning ito. May responsibilidad ka para sa mga aksyon ng iyong Mga Business User, kasama ang pagbabayad at mga order na maaari nilang gawin. May responsibilidad ka rin para sa Content at (mga) Business Profile ng iyong Mga Business User. Dapat mong tiyaking pinananatiling kumpidensiyal ng lahat ng Business User ang lahat ng ID at password. Walang kontrol at responsibilidad ang Adobe para sa mga desisyon ng Mga Business User sa storage ng Content.

4. Pag-reassign ng Lisensya. Maaari kang mag-reassign ng lisensya mula sa isang Business User patungo sa ibang Business User nang hindi nangangailangan ng pagbili ng karagdagang lisensya, basta't, maliban kung tahasan naming pinahihintulutan, ang mga lisensya ay hindi maaaring: (A) i-reassign nang mahigit sa isang beses kada 30 araw, o (B) gamitin sa anumang nakabahaging lisensya o katulad na deployment model, na maaaring magsaad na mahigit sa 1 tao ang gumagamit sa isang lisensya ng Pinangalanang User (kasama ang, pero hindi limitado sa, floating, pinaparenta, generic na user, o shift license deployment). Nangangalap kami ng metrics tungkol sa bilang ng mga lisensyang dine-deploy at nire-redeploy sa Mga Business User.

5. Email Domain. Kung kinakailangan mong tumukoy ng isang domain para sa pagpapatakbo ng Mga Serbisyo, maaari naming i-verify na pagmamay-ari o kinokontrol mo ang domain na iyon. Kung hindi mo pagmamay-ari o kontrolado ang domain na tinutukoy mo, wala kaming obligasyong ibigay sa iyo ang Mga Serbisyo.

6. Suporta. Kung naglisensya ka ng mga enterprise na Serbisyo at Software sa pamamagitan ng isang Programa sa Pagbili ng Adobe, makikita rito ang mga detalye ng suporta mo: https://helpx.adobe.com/ph_fil/support/programs/support-policies-terms-conditions.html.

Business Product Specific Terms-fil_PH-20241007